**ANG IKA-9 NA LIHAM NG OBISPO PARA SA GAWAING PAG-IINGAT SA PAGPUKSA SA PAGKALAT SA IMPEKSIYON NG CORONA VIRUS**

**Ukol sa: Pagsagawa muli ng mga Gawain ng Simbahan**

Ang Lubos na Kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Hunyo 12, 2020

Bagamat ang Deklarasyon ng Emerhensiya ng Estado na ipinalabas ng Gobiyerno ay tinanggal, “ang panahon ng pagsubaybay” ay hindi pa natapos dahil sa Pag-iingat, na tinawag na “Alerto Tokyo”, na inanunsiyo ng Tokyo Metropolitan Offices, ay nagpapatuloy. Sa pagnanais ng sapat na pangangalaga Ako, na inyong Obispo, ay nagpahayag na, sa Diyosesis ng Saitama kasama ang Artsidiyosesis ng Tokyo, ay ibabalik ang mga gawain ng Simbahan. Hinihiling ko ang inyong mabuting pag-unawa at kooperasyon. Ipinalangin ko ang mapayapang pagyao ng mga kaluluwa ng mga pumanaw dahil sa impeksiyon ng corona virus, at para din sa mga nagdusa sa sakit. Taos puso akong nagpapasalamat sa mga tao na nagtatrabaho sa iba’t-ibang lugar kahit delikado sa impeksiyon.

**Mula Hunyo 21, ibabalik natin ang mga gawain ng Simbahan ngunit paunti-unti.**

1. **Ang Pampublikong mga Misa ay pinayagang idaos sa isang beses bawat Linggo. Nag-alala ako na, samakatuwid, maari kayong dumalo isa o dalawa bawat buwan.**
2. **Hinikayat kayo na magsimba sa inyong Parokya at hindi sa ibang Parokya.**
3. **Sa ngayon, ang lahat ng mga mananampalataya sa Diyosesis ay patuloy na dinispensa sa mga obligasyon sa pagdalo sa mga Misa sa Linggo.**
4. **Patuloy pa rin na hindi para sa publiko ang mga misa sa ordinaryong araw.**
5. **Ang mga taong may edad 65 taong gulang pataas ay pinakiusapan na huwag muna dumalo sa misa ayon sa Ministry of Health and Welfare na nag-ulat na ang may edad 65 pataas ay mataas ang tsansa na mahawa at nakakamatay dahil sa impeksiyon kumpara sa 65 pababa. At para sa mga taong 75 taong gulang pataas ay nakiusap ako na mamalagi sa bahay at manalangin doon at alagaan ang buhay.**
6. **Kung naramdaman ninyo na hindi maganda ang inyong pakiramdam o mataas ang temperatura, nakiusap ako na manatili sa bahay.**

Titingnan natin ang situwasyon at ikonsidera ang mga posibilidad ng iba pang mga gawain sa Simbahan, kasama ang palagiang pampublikong mga misa at pagtanggal ng mga pagbabawal sa limitasyon ng edad. Umaasa tayo na darating ang panahon na tayo ay muling magkakatipon sa simbahan upang ipagdiwang ang mga misa sa Linggo at ordinaryong araw na walang takot kundi kagalakan! Maraming salamat uli sa inyong pag-unawa at kooperasyon.

Ave Maria!